# Kabanata 30

## Sa kabanatang ito:

Mga Klase ng Pagputol sa Ari ng Babae . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 460

Mga Problema sa Kalusugan na Dulot ng Pagputol sa Ari ng Babae . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 460

Ano ang Gagawin para sa mga Problema sa Kalusugan . . . . . . . . 461
- Matinding pagdurugo at shock . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 461
- Impeksyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 461
- Problema sa pag-ihi . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 462
- Problema sa pagregla . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 463
- Problema sa sekswal na relasyon at sekswal na kalusugan . . . . . . . . . 463
- Problema sa panganganak . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 464
- Tumatagas na ihi at dumi . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 465
- Pagkabaog . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 465
- Problema sa kalusugan ng pag-iisip . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 466

Pagkilos para sa Pagbabago. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 466
- Pagputol sa ari ng babae, karapatang pantao at ang batas . . . . . . . . . 467

Isinulat ang kabanatang ito ng mga babaeng nakatira at nagtatrabaho sa mga komunidad kung saan kaugalian ang pagputol sa bahagi ng ari ng babae.

# Pagputol sa Ari ng Babae




Sa mahabang kasaysayan ng mundo, may mga kaugalian para magmukhang kaakit-akit ang babae, o palakihin ang tsansa na mapakasal, kahit pa masama para sa kalusugan. Halimbawa, sa ilang lugar sa Europe, inaakalang mas maganda ang babaeng napakaliit ng baywang. Kaya mula pagkabata, pinipilit silang mag-'corset', isang balabal na telang matigas. Sa sobrang higpit ng pagtali sa baywang at balakang, minsan ay nababali ang tadyang, at hindi makakain o makahinga nang tama. Napakahirap na gumawa ng anumang bagay, maliban sa umupo nang walang imik o maglakad nang mabagal.

Sa ilang bahagi ng China, mas mataas ang katayuan ng babae kung maliit na maliit ang mga paa. Kaya binabali ang buto sa paa ng ilang batang babae at mahigpit itong binabalot ng tela. Sa paglaki, baluktot na ang kanilang paa at kaya lang nilang maglakad nang mabagal.

Nahinto na ang mga kaugaliang ito, pero sa ibang bahagi ng mundo, patuloy ang ibang mga kaugalian. Isa na rito ang pagputol sa ari ng babae. Ginagawa ito sa maraming komunidad sa Africa, sa ilang komunidad sa Middle East, at sa kaunting bahagi ng Southeast Asia. Pinuputol ang bahagi ng *ari* ng babae—bata pa o hindi na. Ginagawa ito sa iba't ibang dahilan, karamihan batay sa kultura at tradisyon. Madalas sanhi ito ng malaking pagdiriwang sa komunidad.

**Minsan tinatawag itong excision.**

Hindi pinapatigil ng pagputol sa ari ang pangangailangan ng babae sa pagmamahal at pakikisama, o bumabago sa kanyang moral na asal. Pero nakakasagabal ito sa normal na takbo ng kanyang katawan, at puwedeng makasama sa relasyon niya sa kanyang asawa o partner. Nagdudulot din ng maraming problema sa kalusugan ang pagputol. Ang ilan sa mga problemang ito ay puwedeng magdulot ng matagalang pinsala o kamatayan.

**Sa ilang mga komunidad, kailangang maputol ang ari ng babae bago siya maging asawa at ina, at sa ilang kaso, bago makaangkin ng ari-arian.**

## Mga Klase ng Pagputol sa Ari ng Babae

May 3 klase ng pagputol sa ari ng babae:


1. Bahagi o buong tinatanggal ang *tinggil* (*clitoris*).
2. Tinatanggal ang tinggil kasama ang mga maliit na tiklop ng balat sa panlabas na ari.
3. Hinihiwa't inaalis ang panlabas na ari, at tinatahi ang bukana ng *puwerta* hanggang sa halos masara. Tinatawag itong 'infibulation.' Nag-iiwan ng maliit na butas para makadaloy palabas ang *ihi* at *regla*. Pinakamapanganib ang ganitong klase ng pagputol at nagdudulot ng pinakamalubhang problema sa kalusugan. **Pero maaaring magdulot ng pagdurugo, impeksyon at kamatayan ang lahat ng klase ng pagputol sa ari.**


Iba't iba ang paraan ng paputol sa babae sa iba't ibang mga lugar, pero halos palagi itong bahagi ng seremonya kung saan natatapos ang pagiging bata at tumutuntong siya sa pagiging babae na nasa hustong gulang.

## Mga Problema sa Kalusugan na Dulot ng Pagputol sa Ari ng Babae

Puwedeng mangyari agad ang mga problemang ito o lumabas sa unang linggo:

- matinding pagdurugo
- *impeksyon*
- *shock* mula sa matinding pananakit, pagdurugo, o impeksyon
- problema sa pag-ihi





shock

Napakadelikado ng lahat ng mga problemang ito. Humingi agad ng tulong.

Puwedeng mangyari ang mga ito sa kalaunan at maaaring tumagal ng maraming taon:

- problema sa buwanang pagregla
- problema sa pagtatalik
- problema habang at pagkatapos manganak
- tumatagas na ihi at *dumi*
- hindi mabuntis (*pagkabaog*)
- matagalang pananakit
- problema sa kalusugan ng pag-iisip


## MATINDING PAGDURUGO AT SHOCK

Maaaring may matinding pagdugo agad mula sa malalim na hiwa o punit. Napakadelikado nito. Kung masyadong madaming dugo ang mawala sa babae, baka humantong siya sa shock at mamatay.

### *Palatandaan ng panganib ng shock (isa o higit pa sa sumusunod):*




- matinding uhaw
- maputla, malamig, at mabasa-basang balat
- mahina at mabilis na *pulso* (lampas sa 110 pintig bawat minuto)
- mabilis na paghinga (lampas sa 30 paghinga bawat minuto)
- pagkalito o *pagkawala ng malay* (*pagkahimatay*)




shock

### *Ano ang gagawin:*


**IHATID!**


- Magpatulong kaagad. **Isang emerhensya ang shock.**
- Diinan agad nang husto ang parteng dumudugo. Gumamit ng malinis at maliit na tela na hindi sisipsip ng maraming dugo. Pahigain ang babae habang dinadala mo sa tulong medikal.
- Tulungan siyang uminom ng pinakamaraming makakaya.
- Kung wala siyang malay at malayo sa serbisyong pangkalusugan, baka kailangan mong bigyan ng likido na padadaanin sa puwit bago itakbo sa manggagamot.



likido sa puwit

## IMPEKSYON

Kung hindi lilinisin nang tama (*disinfected*) ang panghiwa bago at pagkatapos ng bawat paggamit, maaaring may mga mikrobyong magdulot ng impeksyon sa sugat, *tetano*, *HIV/AIDS* o *hepatitis*.




paglilinis at pag-isterilisa

### *Palatandaan:*

- **ng impeksyon sa sugat:** lagnat, pamamaga ng ari, *nana* o masamang amoy mula sa sugat, pananakit na lumalala.
- **ng tetano:** paghigpit ng panga, paninigas ng kalamnan sa leeg at katawan, kahirapang lumunok at *kombulsyon*.
- **ng shock** (tingnan ang listahan sa taas).
- **ng impeksyon sa dugo (sepsis):** *lagnat* at iba pang palatandaan ng impeksyon, pagkalito at shock.


➸ Maaaring magsimula ang palatandaan ng impeksyon sa unang 2 linggo matapos ang pagputol sa ari.




sepsis

Para sa palatandaan ng HIV/AIDS o hepatitis, tingnan ang mga kabanata sa “HIV/AIDS,” pahina 283, at “Impeksyon na Naihahawa sa Pagtatalik at iba pang Impeksyon sa Ari,” pahina 260.

**MAHALAGA** ***Kung magsimulang makakita sa babae ng palatandaan ng tetano, shock o sepsis, dalhin agad siya sa tulong medikal.***


**IHATID!**



cephalexin, 494
dicloxacillin, 498
erythromycin, 501

### *Ano ang gagawin para sa impeksyon:*

- Magbigay ng *antibiotic*, tulad ng cephalexin, dicloxacillin o erythromycin.
- Patuloy na magbantay ng mga babala ng tetano, sepsis at shock. **Kung hindi pa siya nabibigyan ng *bakuna* para sa tetano, kailangang bigyan siya agad nito.**
- Magbigay ng moderno o halamang gamot para sa pananakit.
- Panatilihing malinis na malinis ang ari. Hugasan ito ng tubig na pinakuluan at pinalamig na may halong kaunting asin.



Lalong mapanganib ang pagputol sa mga babaeng walang bakuna sa tetano. Dapat mabakunahan ang lahat ng babae.

## PROBLEMA SA PAG-IHI

Dahil madalas nagdudulot ng napakasakit na pag-ihi ang pagputol sa ari, nagpipigil sa pag-ihi ang ibang batang babae. Maaari itong magdulot ng impeksyon at pinsala sa mga tubong ihian, *pantog* at *bato*. Maaaring magdulot ng pamumuo ng mga bato (stones) sa loob ng pantog ang madalas na pagpipigil ng pag-ihi.

### *Ano ang gagawin:*

- Buhusan ng malinis na tubig ang ari habang umiihi. Nababawasan nito ang pagiging acidic ng ihi, kaya mas hindi masakit. Makakatulong din ang pag-inom ng mas maraming likido.
- Magbuhos ng tubig sa balde o palanggana. Minsan nakakatulong sa tao ang tunog ng dumadaloy na tubig para maihi.
- Magpatong sa ari ng tuwalya na nababad sa mainit-init na tubig. Maaari itong makatulong sa pagbabawas ng pananakit.
- Magbantay ng mga palatandaan ng impeksyon sa pantog o bato.




impeksyon sa pantog at bato

Kung hindi pa nakakaihi ang babae makalipas ang isang araw o gabi, at matigas at puno kung kapain ang bahagi ng puson sa ibabaw ng pantog, isa na itong emerhensya. Kailangang matingnan siya agad ng bihasa na health worker na makakapagpasok ng tubo sa pantog para masaid ang laman na ihi. Huwag na siyang painumin dahil magdadagdag lang ito ng presyon sa kanyang pantog at bato.




paano magpasok ng catheter



**IHATID!**



kapain ang pantog dito

## PROBLEMA SA PAGREGLA

Matapos ang infibulation, kung sobrang liit ang naiwang butas sa puwerta o nabarahan ng peklat sa loob ng katawan, puwedeng maharangan ang pagdaloy ng regla. Maaaring magdulot ito ng:

- sobrang sakit na pagregla.
- mahabang pagregla, na tumatagal ng 10–15 araw.
- walang buwanang pagdugo dahil barado ang lagusan ng puwerta at hindi makalabas ang regla.
- ang nabarahang dugo ay maaaring magdulot ng malubhang *pelvic inflammatory disease (PID)* at peklat sa matris at mga tubo, na puwedeng makabaog.

### *Ano ang gagawin:*

- Maglapat sa puson ng tuwalya na nababad sa mainit na tubig para maibsan ang sakit. (Mag-ingat na hindi mapaso ang balat.)
- Maaaring makatulong na maglakad-lakad sa palibot at magtrabaho o mag-ehersisyo nang magaan.

Kung matindi ang problema, baka kailangang palakihin ang bukasan ng puwerta. Dapat gawin ito ng bihasa na health worker para hindi makapinsala ng mga *reproduktibong bahagi* sa loob.

## PROBLEMA SA SEKSWAL NA RELASYON AT SEKSWAL NA KALUSUGAN



Kung wala ang alinman sa mga problema sa kalusugan na nailarawan dito, baka kaya ng babaeng naputulan na masiyahan sa pagtatalik. Pero maraming babaeng naputulan ng ari, lalo na yung na-infibulate, ang hirap sa pagtatalik.


Sa ilang mga komunidad, pinuputulan ang dalagita at pinapakasal sa parehong araw. O sa babaeng naputulan na bata pa, pinapalaki ang butas sa puwerta bago ang unang pagtatalik niya sa loob ng kasal. Kung inaasahan na makikipagtalik agad siya bago pa maghilom ang sugat, magiging napakasakit at mapanganib ang seks, at baka mas tumagal ang sugat. Pinapalala din ng bukas na sugat ang panganib niya na magka-HIV/AIDS o *impeksyon na naihahawa sa pagtatalik* (INP).

**Dapat ganap nang naghilom ang lahat ng sugat bago makipagtalik.**

Sa pagtatalik, baka mahirapan ang babaeng mapukaw at mag-init dahil natanggal na ang kanyang tinggil.

Kung nasa lugar ka na kaugalian ang infibulation, tulungan ang mga lalaking maunawa-an na dapat ligtas at maingat na mapalaki ang butas ng puwerta. Dapat gawin ito matagal pa bago ang unang pagtatalik para may panahon na maghilom. Ang pagpapalaki ay kaila-ngang gawin ng health worker na may panghiwa na tama ang pagkakalinis, na siya ring mangangalaga sa sugat pagkatapos para mapigilan ang impeksyon.

Kung mahihimok mo ang mag-asawa na mag-usap, mas madadalian silang magkaalaman kung paano naaapektuhan ng pagputol ang kanilang sekswal na relasyon.



mas ligtas na pagtatalik

Mas karaniwan ang baradong panganganak sa mga kabataang babae na hindi pa lubos ang paglaki ng katawan.

Kung malayo ang tirahan ng babae mula sa serbisyong pang-emerhensya, mapanganib na manganak siya sa bahay—laluna kung na-infibulate.

May ispesyal na pagsasanay ang ilang tradisyunal na komadrona sa pagtulong sa babaeng naputulan ng ari na manganak nang ligtas, at para harapin ang mga problema mula sa infibulation.

## *Ano ang gagawin sa mga problema sa pagtatalik:*


Puwedeng makipag-usap ang babae sa partner niya para makahanap ng paraan na mag-init siya, at mapaliwanag na baka kailangan niya ng mas mahabang sandali para mapukaw.

Puwede ring makipag-usap tungkol sa mga paraan para mabawasan ang sakit sa pagtatalik. Maaaring mas ligtas at mas hindi masakit ang seks kung may sapat na pamamasa (*pampadulas*).

**Pagkuha ng serbisyo sa kalusugang reproduktibo**

Kung hindi sapat ang laki ng bukana ng puwerta dahil na-infibulate, hindi niya kayang mag-*pelvic exam* o *Pap smear* para sa *kanser* (tingnan ang p. 378). Ibig sabihin, mas kaunti ang pagpipilian niya sa pagprotekta laban sa pagbubuntis, kanser at mga INP.

## PROBLEMA SA PANGANGANAK



Sa ilang klase ng pagputol ng ari, mas malaki ang panganib na mahirapan sa paglabas sa puwerta ang sanggol (baradong panganganak). Kung sobrang liit ang naiwang butas matapos ang infibulation, kailangan itong buksan para makadaan ang ulo ng sanggol. Tinatawag itong 'deinfibulation' (tingnan ang kahon sa susunod na pahina). Kung walang kasanayan ang taong gagawa nito, puwedeng magbunga ng iba pang komplikasyon.


Dahil sa peklat mula sa pagputol, puwede ring lalong magkapunit sa ari sa panganganak. Mahirap kasing banatin ang balat na may peklat. Puwedeng magresulta ito sa matinding pagdurugo.

## *Ano ang gagawin:*

Magplano nang maaga para sa panganganak. Sa ikalawang hati ng pagbubuntis, sikaping magpatingin sa komadrona o iba pang health worker na sanay magpaanak sa babaeng naputulan sa ari. Masasabi ng komadrona kung may panganib ng kumplikasyon, o kung kailangang palakihin ang bukasan ng puwerta. Kung may mga panganib, makakapagplano nang maaga ang babae para sa pangangalagang medikal.

**Emerhensiya:** Kung nanganganak ang isang na-infibulate na babae at ayaw lumabas ng sanggol (baradong panganganak), kailangang gupitin ang mga *peklat* para makalabas ang sanggol. Kung kaya, dapat ipagawa ito sa isang bihasa na health worker. Pero kung walang malapit na health worker, maghugas ka ng kamay sa sabon at malinis na tubig bago magsimula, at magsuot ng malinis na goma o plastik na guwantes o supot. Dapat malinis at isterilisado ang panggupit na instrumento (tingnan ang p. 526). **Kung kailangan mong maghiwa, dalhin siya pagkapanganak sa isang health worker na marunong magkumpuni ng hiwa.**

**Para gupitin at buksan ang mga peklat (deinfibulation):**





1. Maglagay ng 1 o 2 daliri sa ilalim ng peklat.
2. Mag-iniksyon ng lokal na *anesthesia* kung marunong ka.
3. Hiwain ang lumang peklat sa pamamagitan ng paggupit hanggang makita ang butas ng ihian. Malamang mababanat na nang sapat ang puwerta para makalabas ang sanggol.
4. Pagkapanganak, kailangang makumpuni ang bukana. Baka mahusay na pagkakataon ito para ipaliwanag sa babae na mas ligtas kung hindi siya ma-infibulate muli—magdudulot ito ng dagdag na peklat at maaaring bumara sa ihian at puwerta. Kayang kumpunihin ang ari ng isang bihasa na health worker na hindi sinasara ang bukasan.
5. Para mapigilan ang impeksyon, magbigay ng *antibiotics*: doxycycline, 500 mg 2 beses bawat araw sa 1 araw; o kaya erythromycin, 500 mg 4 na beses bawat araw sa 7 araw.

## TUMATAGAS NA IHI AT DUMI



Sa baradong panganganak, puwedeng mapunit ang lining ng puwerta, pantog o *tumbong*, na magdudulot ng pagtagas sa puwerta ng ihi o dumi.

Kung *magtatalik sa puwit* ang magpartner dahil sobrang liit ang butas sa puwerta, maaaring mabanat ang butas ng puwit o mapunit. Puwedeng tumagas ang dumi mula rito.




tumatagas na ihi

Malubhang problema ang tumatagas na ihi at dumi. Maraming babae ang tinataboy ng kanilang partner dahil sa amoy at hindi makontrol na pagtagas. Maghanap agad ng tulong medikal kapag natuklasan ang problema.

## PAGKABAOG

Maaaring magkapeklat sa matris at tubo dahil sa impeksyon, na magpapahirap sa babaeng mabuntis. Kung sa tingin mo'y mayroon kang impeksyon na dulot ng INP, tingnan ang kabanata sa "Impeksyon na Naihahawa sa Pagtatalik at iba pang Impeksyon sa Ari," pahina 260. Kung sa tingin mo'y may problema sa peklat sa matris o tubo mula sa baradong pagdaloy ng regla, magpatingin sa isang bihasa na health worker tungkol sa pagpapalaki ng butas.



pagkabaog






kalusugan ng pag-iisip

### PROBLEMA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP

Puwedeng mapuno ng takot, pag-aalala (pagkabalisa) o lungkot ang batang naputulan ng ari. Kapag pinutulan siya sa harap ng mga babaeng kilala niya at inaasahang magtatanggol sa kanya mula sa kapahamakan, baka madama ng bata na wala na siyang mapagkakatiwalaan. Lalong masama kung hindi niya gustong maputulan ng ari.

Ang sige-sigeng pagsakit at hirap ay puwedeng magdulot ng ibang matagalang problema sa pag-iisip, tulad ng matinding lungkot (panlulumo), at pakiramdam na siya'y inutil at walang kuwenta. Puwede ring magdulot ng matinding tensyon sa babae at partner niya ang mga sekswal na problema. Baka madama ng babaeng hindi niya kayang magbigay ng sekswal na kasiyahan dahil masakit makipagtalik at natatakot siya dito.


#### *Ano ang gagawin:*

- Hikayatin siyang magsalita tungkol sa kanyang nadarama.
- Kung mukhang nagkukulong siya, lumalayo at hindi magawa ang pang-araw-araw na aktibidad, tingnan ang pahina 418 at 430.

## Pagkilos para sa Pagbabago

Kung hindi ka tiyak sa pakiramdam mo tungkol sa pagputol sa ari ng babae, timbangin ang mga panganib para matulungan kang magpasya. Sulit ba ang benepisyo ng pagputol sa dulot nitong mga problema sa kalusugan? Palaging nagbabago ang kultura para harapin ang bagong pangangailangan ng komunidad. Puwede bang mabago rin ang kaugaliang ito?




#### *Ano ang puwedeng gawin:*

Kung hindi ka sang-ayon sa kaugaliang ito, maraming mga paraan para matulungan mo ang mga batang babae sa komunidad:

- Kung isa kang ina, tulungan ang mga anak mo na madama na mahal at pinapahalagahan sila, naputulan man o hindi.
- Himukin ang mga anak mong babae na magpatuloy ng edukasyon at matuto nang sapat para makapagpasya sa sariling buhay at kinabukasan. Lahat ng bata'y may karapatan sa magandang kalusugan at edukasyon.
- Ibahagi ang impormasyon sa mga babae't lalaki sa komunidad tungkol sa mga problema sa kalusugan na dulot ng pagputol sa ari. Makipagtulungan sa kanila para sa pagbabago.
- Alamin kung ano ang ginagawa ng mga organisasyon ng kababaihan sa inyong komunidad o rehiyon.

- Kung isa kang health worker na nagpuputol sa ari ng babae, ipaliwanag ang mga panganib sa mga nagpapagawa nito.
- Kumuha ng pagsasanay kung ano'ng gagawin sa mga problema sa kalusugan mula sa pagputol sa ari ng babae.
- Makipagtulungan sa mga lider na tradisyunal at relihiyoso para sa pagbabago. Hindi sinusuportahan ng relihiyon ang pagputol sa ari ng babae, pero hindi ito masyadong naiintindihan. Sikaping matalakay ito kasama ang mga lider relihiyoso sa inyong lugar.
- Maghanap ng paraan para mapahina ang pagtangkilik sa mga seremonya sa pagputol sa ari sa inyong komunidad. Maghanap ng ibang ritwal na magmamarka sa pagtatapos ng pagkabata ng kababaihan at pagtuntong nila sa hustong gulang. Puwedeng kasama sa mga ritwal na ito ang dasal sa mga ninuno, o mga sakripisyong hindi nakakapahamak sa kababaihan. Sa maraming mga lugar, may mga ritwal sa pagtatapos ng pagkabata na hindi nakakapahamak sa kalusugan ng mga babae.
- Kilalanin ang mahalagang papel sa kalusugan ng komunidad ng mga hilot o tradisyunal na tagapaanak. Dahil madalas nagpuputol ang mga hilot, kailangan silang maturuan tungkol sa masasamang epekto nito. Maghanap ng mga paraan kung paano mapapalitan ang mga regalong tinatanggap nila pagkatapos ng seremonya sa pagputol, at maghanap ng ibang paraan na magagamit ang tulong nila sa komunidad. Kung mapapalitan ng ibang ritwal ang pagputol, isali ang mga hilot bilang mahalagang bahagi sa pagbigay at pagtanggap ng anumang handog.

**Para maganap ang totoong pagbabago sa inyong komunidad, dapat magtulungan ang mga tao para matapos na ang nakakapinsalang ugali na ito.**



## PAGPUTOL SA ARI NG BABAE, KARAPATANG PANTAO AT ANG BATAS

Nailarawan sa kabanatang ito ang mga problema sa kalusugan na dulot ng pagputol sa ari ng babae. Pero kahit na walang problemang mangyari, napinsala na ang babaeng pinutulan sa paraang makakaapekto sa kinabukasan niya. Ginagawa ang pagputol sa mga batang babae na ayon sa batas ay wala pang sapat na gulang para magpasya. Kahit naniniwala ang magulang na pampabuti ito sa katayuan sa lipunan ng bata, sa totoo lang ay sinasaktan siya sa paraang emosyonal, pisikal at sekswal. Kaya dineklara ng United Nations, World Health Organization at UNICEF na paglabag sa karapatang pantao ng batang babae ang pagputol sa ari.

Ilang bansa sa Africa (tulad ng Ghana, Burkina Faso, Ivory Coast, Togo at Senegal), pati ang Canada, Australia, USA at ilang bansa sa Europe ang may batas na laban sa pagputol sa ari ng babae. Marami pang bansa ang nag-iisip na magpasa ng parehong batas. Sa karamihan ng mga bansa, laban sa pagputol sa ari ang mga grupo ng doktor, nurse at health worker. Kasama ang mga abogado, guro at iba pa, kumikilos sila para matigil ang masakit at walang saysay na gawaing ito. Mahalaga na yung may pagpapahalaga sa kalusugan ay magtanggol din sa karapatan ng mga batang babae na panatilihing buo—walang putol o bawas—ang kanilang katawan.